Gabay para sa mga Unang Araw

Para sa mga Bagong Dating sa Ontario

Isang Kagandahang-loob na Sinusuportahan ng:

Citizenship and Immigration Canada
Citoyenneté et Immigration Canada

Ontario

© Ontario Council of Agencies Serving Immigrants 2008

First Days Guide - Tagalog (Pilipino)

LISTAHAN NG MGA NILALAMAN

Panimula 1

Pagdating sa Ontario 3

Paninirahan 6

Kalusugan 11

Pagtratrabaho 16

Edukasyon 21

Immigrasyon at Citizenship 23

Mga Serbisyong Legal 25

Komunidad at Libangan 27

Impormasyon para sa Mamimili 29

Mga Susunod na Hakbang 36

MALIGAYANG PAGDATING SA ONTARIO!

Di madali ang lumipat sa ibang bansa. Di madaling iwan ang mga kaibigan pati na ang pamilya. Maraming mga bagay ang maaaring kaiba sa bansang iniwanan mo. Depende sa pinanggalingan mong bansa, maaring manibago ka sa mga iskwelahan, pag-alaga sa kalusugan o healthcare, mga trabaho at mga batas. Pwedeng matagalan bago ka masanay sa buhay Ontario, lalo na kung hindi makarating sa iyo ang tamang impormasyon at di mo alam kung ano ang dapat gawin.

Ang Mga Unang Araw (First Days) ay sinulat ng mga taga Settlement.Org, isang websayt para sa mga bagong dating na isinagawa ng mga taong tumutulong sa kanilang makapirmi o makapag settle araw-araw. Sinasagot nito ang mahahalagang tanong ng mga bagong dating at natutulungan sila sa mga unang hakbang para gawing bagong tahanan nila ang Ontario.

Sinasabi ng Mga Unang Araw (First Days) ang dapat malaman sa unang dalawang linggo sa Ontario. Di masasagot nito ang lahat ng iyong tanong tungkol sa paninirahan sa Ontario. Matutulungan ka nito sa mga unang hakbang. Marami pang ibang mapagkukunan ng impormasyon, at babanggitin ito sa mga sumusunod. Kung may akses ka sa kompyuter at sa internet, bisitahin ang websayt ng Settlement.Org sa **www.settlement.org** para sa iba pang impormasyon tungkol sa anumang mababasa rito o anu pa mang tanong na mayroon ka.

Ang guide na ito ay may maraming impormasyon. Maaaring mahirapan ka kung saan mag-uumpisa. Basahin mabuti ito at alamin kung alin ang mahalaga sa iyo at kung paanong magpapatuloy.

Mayroong ibang tinutulungan ng mga kaibigan sa mga importanteng gawain at nakapagpapaliwanag kung paano ang mga pamamaraan sa Canada. Malaking tulong ito, pero basahin pa rin ito para matiyak na naiintindihan mo ang mga importanteng gawaing ito. Maaaring wala kang kaibigang naghihintay sa iyo rito kaya marami kang mga dapat isagawa para sa sarili mo. Bago dumating sa Ontario, marami ring ibang bagay na maaring gawin na makatutulong sa iyo.

Sa mga unang linggo mo sa Canada, marami kang mga dapat isagawa. Maraming porm ng gubiyerno ang kailangan mong kumpletohin. Ang mga porm na ito ay tutulungan kang makakuha ng mga bagay na maaring hindi mo alam ang ibig sabihin gaya ng iyong SIN, OHIP, CCTB, atbp. Di mo kailangang bayaran ang mga porm na ito. Kadalasan ay puedeng i-download ang mga ito galing sa internet. Di mo rin kailangang magbayad ng tutulong para kumpletohin ang mga porm. May mga tutulong sa iyo ng walang bayad sa mga settlement agencies. Malalaman kung paano sila makokontak sa guide na ito.

Ang guide na ito ay nakaayos ayon sa topic ng seksyon, gaya ng websayt ng Settlement.Org. May checklist ito ng mga dapat mong isagawa sa unang mga linggo sa Ontario. Pinapaliwanag na mabuti ito sa mga seksyon sa loob ng guide. Ang bawat seksyon ay may mas maraming impormasyon. May mga links para sa mas mahabang mga articles sa websayt, at impormasyon kung saan makahihingi ng tulong. Puwede mong i-download at i-print ang mga importanteng forms mula sa websayt.

MGA GAWAIN SA MGA UNANG LINGGO

Maaari mong disisyunan kung anong uunahin. Maaaring di mo kailanganing gawin ang lahat ng ito. Halimbawa, kung wala kang mga anak, di mo na kailangang maghanap ng iskwelahang malapit sa inyo. May mga dapat gawin agad gaya ng pag-aaplay ng health kard o ng Social Insurance Number.

Maaring may kaibigan ka o kamag-anak sa lungsod na gusto mong tirhan. Malaki ang maitutulong nila sa iyo. Mapapakita nila sa iyo kung nasaan ang lahat sa lungsod, at matutulungan kang makakita ng matitirhan. Matutulungan ka nilang matutunan ang tungkol sa iyong bagong komunidad.

- Makakita ng matitirhan
- Kumuha ng Socal Insurance Number (SIN)
- Kumuha ng Health Kard
- Mag-aplay para sa Child Tax Benefit
- Magbukas ng account sa bangko
- Kumuha ng impormasyon tungkol sa paghahanap ng trabaho
- Hanapin ang Settlement Agency na pinakamalapit sa inyo
- Hanapin ang Community Health Centre na pinakamalapit sa inyo
- Hanapin ang Employment Resource Centre na pinakamalapit sa inyo
- Hanapin ang Public Library na pinakamalapit sa inyo
- Maghanap ng impormasyon tungkol sa iyong karapatan bilang isang empleyado at isang tenant o nangungupahan
- Alamin kung paano makakapasok sa iskwela ang iyong mga anak
- Kumuha ng mapa at alamin ang ruta ng mga bus
- Humanap ng English class para sa iyo at sa iyong pamilya
- Alamin kung saan ang pamilihan
- Maghanap ng impormasyon sa **www.settlement.org**

MAGKANO ANG KAILANGAN KO PARA MAKA-PIRMI SA CANADA?

Maaaring mas malaki ang kailanganin kaysa akala mo. Pagdating mo, hihingan ka ng Citizenship and Immigration Canada (CIC) ng Proof of Funds. Gusto nilang patunayan mong may sapat kang pera para suportahan ang iyong sarili at ang iyong pamilya.

Ang halaga ng perang gusto nilang meron ka ay maaring hindi sapat para mamuhay ng gaya sa iyong bansa. Marami sa mga bagong dating ang hindi nakakakita ng trabaho sa loob ng maraming buwan. Magtatagal bago ang bagong buhay mo rito ay dumating sa ayos na gusto mo.

Kung kukuha ng apartment, kailangang bayaran ang una at huling buwan bago makalipat. Ang ibang apartment ay may kasangkapan na, ang karamihan ay wala. Kailangan mong bumili ng mga ito. Maaaring kailanganin mong mamili ng damit na pang-winter. Kailangang magbayad ng transportasyon, telepono, pagkain, mga gamot, libangan, atbp…. Mahaba ang listahan ng may sapat kang mga gastos.

Hindi pare-pareho ang halaga ng mga gastusin sa mga lungsod. Kung gusto mong makakita ng mga halimbawa ng gastos sa paninirahan sa Canada basahin ang What does it cost for a family of three to live in Canada?, na nasa Settlement.Org na matatagpuan sa **www.settlement.org/FD/01**

Kailangang alamin kung magkano ang kailangan para manirahan sa lungsod na gusto mo. Dalhin ang pinakamalaking halagang kaya mo para maging mas madali ang iyong unang mga buwan.

PAGDATING SA ONTARIO

Habang dumadaan sa Adwana at Imigrasyon (Customs and Immigration), magtanong sa opisyal ng Imigrasyon ng ano mang gusto mong malaman tungkol sa status ng iyong imigrasyon o bisa. Kung ipagpapaliban ito maaaring mas mahirapang makakuha ng kasagutan.

Kung binabasa mo itong guide/patnubay bago dumating ng Canada, basahin ang artikulong **What documents should I bring with me when landing in Canada as a new immigrant? www.settlement.org/FD/02**

Kung lalapag sa Paliparang Internasyonal ng Lester B. Pearson (Lester B. Pearson International Airport) sa Toronto, may pakete ng impormasyong makakatulong sa iyo sa kiyosko ng Immigrant Reception and Information Services (IRIS). Sinasabi rito kung ano ang dapat na isagawa pagkadating sa Ontario, at kung saan makakikita ng mga organisasyong tumutulong sa mga bagong imigrante.

Ang mga tauhan sa airport ay makapagsasabi sa iyo ng pinakamagaling na paraan para makarating sa balak mong tigilan. Ang mga airport ay kadalasang may mga bus, taksi, at iba pang paraan para dalhin ka sa iyong paroroonan. Mayroong mas malaki ang singil depende sa pupuntahan kaya magtanong sa mga tauhan sa airport o sa transportation service bago pumili.

KILALANIN ANG IYONG SIYUDAD

Marami kang dapat isagawa sa iyong pagdating. Kailangang magbigay ka ng kaunting panahon para matutunan ang mga pamamaraan sa iyong bagong lungsod. Pinakamagandang gawin mo ang maglibot at kumilos na parang turista!

Bago ka dumating, humanap ng impormasyong pang turista tungkol sa lungsod na balak mong tirhan. Pagkarating mo, mamasyal ka ng ilang araw sa paligid ng lungsod na sakay ng kotse o bus. Makakabuti ito sa iyo sa maraming paraan. Ang pagsasaliksik sa bago mong tirahan ay makatutulong na:

- makita kung saan ang mga pamilihan
- malaman ang pinakamabuting paraan para makarating sa iba't-ibang lugar
- alamin kung anu-anong gawain, aktibidad o iba't-ibang lugar ang maaring puntahan

Maganda itong paraan ng paglilibang at pagbabawi ng lakas matapos ang mahaba mong biyahe bago ka mag-umpisang mag-asikaso ng iyong mga kailangan kaugnay sa pagpipirmi mo sa iyong bagong tahanan.

TUNGKOL SA ONTARIO

Panahon

Malaking probinsiya ang Ontario, kaya't ang panahon ay iba-iba kada rehiyon. Maging sa loob ng iisang rehiyon, maaaring maiba ang panahon. Kalimitan, Enero ang pinakamalamig na buwan at Hulyo ang pinakamainit. Ang mga anaunser sa radio at telebisyon ay nagbibigay ng temperatura sa digring Celsius, at kadalasan ang digring Farenheit (F).

May apat na panahon sa isang taon:

WINTER o TAGLAMIG – IKA-21 NG DISYEMBRE HANGGANG IKA-19 NG MARSO

Pag Winter, malamig ang panahon. Kadalasan ay may snow. Kapag buwan ng taglamig (Disyembre, Enero at Pebrero), ang temperatura sa halos buong bansa ay malimit na mas mababa sa 0^{o}C, araw at gabi. Maaaring bumaba ito sa -25^{0}C sa ibang parte ng probinsiya. Sa

halos buong Ontario, maaring may snow, mula kalagitnaan ng Disiyembre hanggang kalagitnaan ng Marso. Habang tumataas na papuntang norte, mas mahaba at mas malamig ang winter. **www.settlement.org/FD/24**

SPRING o TAGSIBOL – IKA-21 NG MARSO HANGGANG IKA-20 NG HUNYO

Ang Spring ay maulan sa halos buong Ontario. Ang temperatura kapag araw ay tumataas, at sa gabi ay nanatiling malamig. Ang karaniwang temperatura ay mga 12 digring Celsius sa buwan ng Marso, Abril at umpisa ng Mayo.

SUMMER o TAG-INIT – IKA-21 NG HUNYO HANGGANG IKA-21 NG SETYEMBRE

Nag-uumpisa ang tag-init sa ika-21 ng Hunyo, pero karamihan sa mga taga-Ontario, Hulyo at Agosto ang tinuturing nilang mga buwan ng tag-init. Pag Summer masyadong mainit ang panahon sa karamihang parte ng bansa. Sa katimugan ng Ontario, ang temperatura sa araw ay kadalasang mas mataas sa 20^0C at malimit umakyat sa 30^0C. Nagiging mainit na mainit at maalinsangan kapag summer. Makakarinig ka ng mga babala sa telebisyon at sa radio tungkol sa mga problemang pangkalusugang dala ng init, araw at smog (ulap-usok).

FALL o TAGLAGAS (TINATAWAG DING OTONYO) – IKA-22 NG SETYEMBRE HANGGANG IKA-20 NG DISIYEMBRE

Ang Autumn o Fall ay nagsisimula sa Setyembre. Ang panahon ay malamig-lamig at ang mga dahon sa mga puno ay nagpapalit ng kulay, at nalalagas. Maari ring maging maulan sa panahong ito. Sa ibang parte sa norte ng Ontario, ang snow ay nag-uumpisang dumating bago magkatapusan ng Oktubre. Ang karaniwang temperatura sa araw ay mga 10 o 12 digring Celsius sa halos buong Onatrio, at mas bumababa habang papalapit ang Winter. Ang mga buwan ng Fall ay Setyembre, Oktubre at Nobyembre.

Ang taglamig sa Ontario ay maaring maging napakalamig at ma-snow. Kung galing ka sa mainit na bansa, magiging malaking shock para sa iyo ang winter. Ang winter ay panahon para magsaya sa snow, pero importanteng matutunan ang mga panganib at kung paanong mananatiling mainit ang katawan. Narito ang mga kasuotang kakailanganin mo:

- mainit na bota
- makapal at nakakapanangga sa hangin na kot
- isang bandanang naibabalabad sa leeg at/o sa mukha
- gwantes na may layning
- mainit na kasuotang pangloob
- isang sumbrerong takip ang tenga. Ito'y mahalagang bahagi ng pananamit pag winter dahil karamihan sa init ng katawan ay lumalabas galing sa ulunan.

Malalaman klase ng panahon kung makikinig sa radio, manonood ng telebisyon o magbabasa ng peryodiko.

PAGHINGI NG TULONG

Mga Settlement Agencies

Maraming mga organisasyon ang maaring makatulong sa pag-uumpisa ng iyong buhay sa Ontario. Tinatawag silang Settlement o Immigrant Service Agencies. Tinutulungan nila ang mga bagong imigrante sa Ontario.

Pagkarating na pagkarating mo sa Ontario, hanapin ang agency na pinakamalapit sa iyo. Tutulungan ka nilang ma-settle o mamirmihan sa iyong bagong siyudad. Maaaring tumira ka muna sa isang otel pagdating mo. Makatutulong ang mga agency sa paghahanap ng una mong matitirhan. Matutulungan ka rin nilang mapag-aralan ang iyong bagong komunidad.

May mga tumatawag sa mga agency na ito ng ISAP Agencies, multicultural centres, o immigrant-serving agencies. Maaaring walang ganitong mga agency sa bansang pinanggalingan mo. Sa Canada, ang mga settlement services ay libre at confidential. Heto ang ilan sa mga serbisyo nila:

- Pagsasaling-wika at pagsasalin ng mga dokumento
- Tulong sa paghahanap ng matitirhan, English classes, trabaho, training program o kung saan makakabili ng murang pagkain, damit o kasangkapan
- Tulong sa pagkumpleto ng mga porm at mga papeles
- Impormasyon tungkol sa mga ibang makukunan ng tulong

Maaring maghanap ng isang settlement agency o service pagkarating sa bago mong komunidad o bisitahin ang seksyong Find Help Close to Home sa websayt ng Settlement.Org. **www.settlement.org/FD/18**

Newcomer Information Centres (NIC)

Kung nasa Toronto o Peel Region, maaring puntahan muna ang isang Newcomer Information Centre (NIC). Papupuntahin ka ng NIC sa mga community agency na makatutulong sa pagpirmi mo sa Greater Toronto Area. Hanapin sa direktoryo ang NIC na pinakamalapit sa inyo.

Mga Community Information Centres

Tawagan ang lokal na Community Information Centre kung kailangan ng impormasyon tungkol sa mga community, social, health o government services. Matutulungan ka nilang makakita ng libreng serbisyong malapit sa inyo. Libre ito at confidential. Di kailangang magbigay ng anumang personal na impormasyon.

Hanapin sa blue pages ng direktoryo ang pinakamalapit na Community Information Centre. Makikita ito sa ilalim ng Community Information. Nakalista sa direktoryo ang telepono at adres ng centre. Kung di sigurado sa paggamit ng direktoryo, basahin ang Using the Telephone Book, na nasa seksyong **Consumer Information** ng guide.

Sa maraming lugar, maaring idayal ang 211 para makakuha ng impormasyon.

CITIZENSHIP AND IMMIGRATION CANADA

Kung may mga tanong tungkol sa status ng iyong imigrasyon pagkarating sa Canada, tawagan ang Citizenship and Immigration Canada (CIC) Call Centre.

Makakakuha ng recorded na impormasyon 24 oras isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Kung gusto mong may makausap na tao, tumawag mula alas-otso ng umaga hanggang alas-kuatro ng hapon, Lunes hanggang Biyernes. Matatawagan ang Call Centre sa **1-888-242-2100**. Ang serbisyo nito ay Ingles at Pranses lamang.

PANINIRAHAN

PAGHAHANAP NG TIRAHAN

Hanggat maaari, bago ka dumating, subukang ayusin ang tutuluyan sa unang mga gabi. Magpahanap sa iyong travel agency at magpareserba ng matutuluyan sa Toronto o ibang siyudad sa Ontario.

Pagdating sa North America, maaring tawagan ang Tourism Ontario sa 1-800-ONTARIO (**1-800-668-2746**). Matutulungan ka nilang maghanap at magreserba ng kuwarto. Libre ang serbisyong ito.

Kailangan mo ng matutuluyan habang naghahanap ng matitirhan. Pwedeng tumingin ng otel, bed-and-breakfast, apartment na otel, travel hostel o student residence sa unibersidad o college. Maaring tumira sa mga travel hostel o student residence ng ilang araw, linggo o buwan ng mas mura kaysa sa otel. Ang bed-and-breakfast naman ay isang kuwarto sa isang bahay na may kasamang almusal.

Kung pagdating sa Lester B. Pearson Airport (Lester B. Pearson International Airport) sa Toronto ay wala pang lugar na matutuluyan, hanapin ang karatula ng Immigrant Reception and Information Services (IRIS) o tawagan sila sa **905-672-3660**. Mayroon rin silang impormasyon tungkol sa mga otel at mga lugar na matutuluyang malapit sa airport. Mas mahal ang mga otel na malapit sa airport kaya sikaping maghanap ng mga otel na mas malapit sa siyudad.

Maraming tirahan sa Ontario na mataas ang halaga. Maaring di mo magustuhan ang una mong tirahan. Kailangan mo ng panahon para maintindihan ang rental market at para malaman kung saang lugar mo gustong manirahan. Pagsikapang di gastosan ng malaki ang tirahan. Karamihan sa mga bagong dating ay di agad nakakakita ng trabaho sa loob ng maraming buwan.

Ayon sa karamihan ng mga experts, huwag gumastos ng mahigit sa 33.3% ng total na kita bago tanggalan ng tax o buwis.

MGA OPSIYON SA PANINIRAHAN

Makakatipid ka kung may kahati sa upa ng apartment o bahay. Ganito ang ginagawa ng mga estudyante at mga kabataan, pero pwede rin itong gawin ng iba para makatipid.

Iba iba ang upa depende sa parte ng siyudad. Kadalasa'y mas mataas ito pag malapit sa sentro ng malaking siyudad. Pag-aralang mabuti ang rental market bago umalis papunta rito.

Mga dapat itanong bago umupa:

- Malapit ba ang apartment sa mga bus o mga subwey?
- Ano pang mga serbisyo ang malapit? (iskwelahan, tindahan, labahan, parke, palaruan, community centres, klinikang medical, simbahan)
- Tahimik ba sa apartment?
- Ano ang ugali ng ibang mga umuupa?
- Kung may kotse, may paradahan ba?
- Ligtas ba ang kapaligiran?
- Kung may mga anak ka, malapit ba ito sa iskwelahan?
- Hiwalay ba ang bayad sa heat at kuryente?

RESOURCES

Narito ang ilan sa mga resources tungkol sa pamamahay na maari mong tingnan bago pumunta sa Ontario.

Real Estate Rental Services: Ang mga ito ay tinatawag ding Property Rental Management o Rental Locators. Mga kompanya itong tumutulong sa mga landlord na naghahanap ng mga bagong uupa. Pwedeng kontakin sila para matulungan ka sa paghahanap – may bayad ito.

Tanungin kung ano ang kanilang mga serbisyo. Isasauli ba nila ang bayad mo kung di ka masaya sa kanilang serbisyo? Kung di nila gagawin ito, **huwag** magbayad at huwag gamitin ang serbisyo nila.

Relocate Canada: Ito ay isang online guide para sa mga nagre-relocate o lumilipat sa ibang lugar sa Canada. Hanapin ang siyudad na gusto mo at makikita ang mga impormasyong kailangan tungkol sa pamamahay, child care, klima, mga gastos at marami pang iba. Pwede ring mag-download ng direktoryo ng siyudad na gusto mo.
www.settlement.org/FD/03

Yellow Pages: Ang "Yellow Pages" ay isang parte ng direktoryong naglilista ng mga negosyo at mga kompanyang propesyonal sa alphabetical order. Ang mga ito ay nakalista base sa klase ng kanilang serbisyo. Makikita rin ang Real Estate Rental Services ng Yellow Pages sa internet **www.yellowpages.ca**.

Classified Advertisements: Karamihan sa mga pahayagan sa Ontario ay may Classified Ads na ginagamit ng mga landlord na listahan ng kanilang mga pinapaupahan o lease. Kalimita'y nagpapa lista sila isang buwan bago pwedeng lipatan ang kanilang paupahan.

Sa pagbabasa ng mga ads na ito matututunan mo ang klase, bayad at kailan mababakante ang mga tirahang paupahan. Makikita rin ang mga classified ads ng mga tirahan sa websayt ng maraming pahayagan sa Ontario.

Kallimita'y kailangang makarating muna rito bago makakita ng matitirhan, kung gusto mong ikaw mismo ang lumapit sa mga landlord. Pwedeng tumawag sa isang landlord bago dumating pero huwag kang umasang marereserba ang apartment para sa iyo. Karamihan ng mga landlord ay gustong makita muna ang uupa.

Mga Settlement Agency

Pagkarating sa Ontario, kontakin ang isang settlement agency sa iyong bagong komunidad. Marami silang tulong na binibigay sa mga bagong dating. Makatutulong ang mga ito sa paghahanap ng tirahan, trabaho at iba pang mga serbisyo o impormasyong makatutulong sa pagpirmi mo sa iyong bagong komunidad.

ISAP Agencies, multicultural centres, or immigrant-serving centres ang tawag ng iba sa mga ito. Pare-pareho ang ibig nilang sabihin. Tinutulungan ng mga ito ang mga bagong imigrante sa Ontario.

Bisitahin ang isang settlement agency pagdating mo sa iyong bagong komunidad.

Makikita ang listahan ng mga agency sa seksyong Find Help Close to Home ng Settlement.Org www.settlement.org/FD/04

Mga Housing Help Centres

Maraming mga komunidad ang may Housing Help Centres para makatulong sa paghahanap ng tirahang mababa ang halaga. Pwede lamang gamitin ang tulong na ito pagdating sa Ontario. Ginagamit ang tulong na ito ng mga taong walang sapat na halaga. Makakatulong ang isang settlement agency sa paghahanap ng Housing Help Centre sa iyong siyudad.

Kasama sa mga serbisyo nila ang mga sumusunod:

- tulong sa paghahanap ng tirahan
- impormasyon tungkol sa mga legal services at Residential Tenancies Act – ang batas na nagbibigay proteksyon sa mga tenant
- impormasyon sa pagbabadyet ng pera
- tulong sa pakikipag-usap ng mga tenant sa mga social workers, legal aid providers at property managers
- mga listahan ng mga pribadong landlord
- impormasyon at edukasyon tungkol sa landlord
- tulong sa pagaaplay ng Social Housing
- impormasyon sa hostel/shelter
- tulong sa paghahanap ng mga programang makapupuno sa ibang mga panganailangan gaya ng pagkain, pananamit o kalusugan

Mga Bulletin Board

Matatagpuan ang mga bulletin board sa mga community centre, labahan, groseri at ibang mga lokal na kalakalan. Kadalasa'y may mga impormasyong makukuha rito tungkol sa mga tirahang paupahan.

Karamihan sa mga unibersidad at colleges ay may mga bulletin board, websayt at housing office na tumutulong sa kanilang mga estudyanteng makakita ng mauupahan. Mahusay na kukunang-tulong ang mga ito.

Kung minsan, may mga karatulang **"For Rent" o "Vacancy"** sa harap ng mga apartment building o sa bintana ng mga bahay na may paupahang kwarto o aparment. Pwede ring magtanong sa mga superintendent ng mga apartment building kung mayroong yunit na malapit nang mabakante. Ipalagay mo ang iyong pangalan sa kanilang waiting list.

Kadalasan ay alam ng mga kamag-anak o mga kaibigan kung saan may mga tirahang mauupahan. Paalam sa kanila na ikaw ay naghahanap ng matitirhan.

Una munang maghanap sa maliliit na mga building o maghanap ng mga landlord na may apartment o kwartong pinapaupahan sa kanilang bahay. May mga malalaking mga rental company na nanghihingi ng pangalan ng mga taong nakatira sa siyudad na nakakakilala sa iyo. O kaya, hihingan ka nila ng malaking deposito bago ka nila paupahin.

Magpunta sa: How can I find housing or an apartment to rent? **www.settlement.org/FD/05** para sa dagdag na kaalaman.

MGA DOKUMENTO AT APLIKASYON

Malamang na kailanganin ang mga sumusunod na dokumento kasama ng rental application:

- sulat galing sa employer na nagpapa tunay ng iyong kita
- bank statement na nagpapakita na may sapat na pera sa bangko
- credit check
- isang guarantor o co-signer (isang taong mangangakong magbabayad ng upa kung sakaling di ka makabayad) kung mababa ang kita mo o kung walang kita

- mga personal reference, gaya ng mga dating landlord, settlement worker o language instructor

Ang ibang bagong imigrante at mga refugee ay kaunti lang ang pera, walang trabaho at kaunti lamang ang mga taong kakilala nila sa Ontario. Di nila kayang ibigay ang lahat ng mga dokumento.

MGA DEPOSITO

Kalimita'y kailangang magbayad ng deposito para sa huling buwang upa bago ka makalipat. Pwede itong bayaran ng cash, cheque, certified cheque o money order. Palaging humingi ng resibo.

Kung di kasama ang bayad sa tubig at kuryente sa upa, kailangan kontakin ang kompanya ng mga utility para makapagbukas ng account at maumpisahan ang serbisyo.

Huwag magbigay ng mas malaki sa una at huling upa bilang deposito. Kailangang humingi ng resibong kasulatan. Dapat ibigay ng landlord mo taun-taon ang interes sa deposito. Kailangang bayaran ng landlord ang deposito at anumang interes sa pag-alis mo. Ito lamang ang klase ng depositong pinapayagan ng batas.

Bawal humingi ang isang landlord ng "security deposit" para sa mga maaring masira o ng "key money" na mas mahal kaysa sa halaga ng pagpapapalit ng susi.

LEASE

Kapag inaprubahan na ng landlord ang iyong aplikasyon, handa na siyang magpaupa ng apartment sa iyo. Papipirmahin ka sa isang rental agreement o lease. Ito'y legal na agreement mo (ang umuupa) at ang tao o kompanya na nagpapaupa (landlord).

Kung minsan di na nagpapapirma ng lease ang landlord. Ang tawag dito ay "month-to-month rent".

Pwedeng mamili kung pipirma ng lease, o uupa ng month-to-month. Kung ano man ang napili, ikaw at ang iyong landlord ay kailangang sumunod sa batas ng Residential Tenancies Act.

Basahing mabuti ang lease. Kailangang sumang-ayon sa lahat ng mga nakasulat doon bago pirmahan ito.

Ito ang mga nakasulat sa isang Lease:

- gaano katagal ang kasunduan (kadalasan ay 12 buwan)
- magkano ang dapat na upa
- kailan ang pagtaas ng upa
- ano ang kasama sa upa (halimbawa: paradahan o mga utilities)
- ibang mga impormasyon at mga patakaran sa apartment

Sa katapusan ng lease, pwedeng i-renew ito o mag-month-to-month na upa. Di na kailangan pang pumirma ng bagong lease. Kung gusto mong lumipat, kailangang sumulat sa landlord 60 araw bago ang paglipat para sabihin kung kailan ka lilipat.

Ang isang Tenant ay dapat na:

- magbayad ng upa sa wastong panahon. Kadalasan, ang upa ay nakatakda sa primera ng buwan, at nakasulat sa iyong lease kung kailan ito kailangang bayaran.
- panatilihing malinis ang apartment at itapon ang basura sa tamang lugar
- hindi magpapatira ng karagdagang tao sa apartment (pwedeng tumanggap ng mga bisita pero pang-ilang araw lamang, di pangmatagalan)
- hindi mang-aabala sa ibang mga tenant

Ang mga tenant ay may karapatan sa mga sumusunod:

- malinis at well-maintained na tirahang may kuryente, running water at mga appliances na gumagana (fridge at lutuan) at heat
- Privacy. Kailangang magbigay ng sulat ang landlord 24 oras bago siya pumasok sa apartment maliban na lamang kung may emergency (halimbawa: sunog)
- Tapusin ang tenancy o pag-upa sa loob ng panahong nakasulat sa lease o kung ano ang nasa batas.

Matapos makalipat sa bagong tirahan, magplano kung anong dapat gawin kung halimbawang nagkasunog. Mag praktis nito kasama ang pamilya. Tingnan kung gumagana ang mga smoke alarm. Huwag na huwag tanggalin ang mga baterya maliban kung papalitan ang mga ito.

Magandang ideya ang kumuha ng tenants insurance para sa pamamahay.

May iba pang impormasyon tungkol sa paghahanap ng tirahan sa Ontario sa seksyong Housing websayt ng Settlement.Org sa **www.settlement.org/FD/06.**

KALUSUGAN

Mahalagang maintindihan ang health system sa Ontario bago ka dumating sa Canada. Ang Gobyerno ng Canada at mga gobyernong probinsyal ay kumukulekta ng buwis para mabayaran ang mga serbisyong medikal at health insurance. Ang Ontario Health Insurance Plan (OHIP) ang naglalaan ng libreng basic at kritikal o emergensing health services para sa mga residente ng Ontario.

ANG PAG-AAPLAY NG ONTARIO HEALTH INSURANCE PLAN (OHIP)

Ang iyong Health Card

Ang OHIP ang Health Insurance Plan ng Ontario. Nagbibigay ito ng iba't-ibang health care services. Binabayaran nito ang halos lahat ng mga basic at kritikal o emergensing health care services.

Hindi binabayaran ng OHIP ang mga gamot at dental services. Ang iyong Health Card (OHIP card) ay itse-tsek ng mga health care service providers, gaya ng mga duktor, ospital at walk-in clinic, tuwing magpapatingin ka sa kanila. Importanteng palaging dala ang Health Card para magamot ka kung magkaroon ng emergency.

Karamihan ng mga bagong dating ay **HINDI** maaring makakuha ng OHIP card hanggang sila'y nakapamalagi sa Ontario ng tatlong (3) buwan. Ipadadala ng OHIP ang card mo tatlong buwan matapos kang mag-apply. Importanteng mag-aplay pagkarating na pagkarating mo sa Ontario para magkaroon ng insurance sa lalong madaling panahon.

Pumunta sa opisina ng OHIP para mag-apply. Tawagan ang Ontario Ministry of Health and Long-Term Care at tanungin kung saan ang kanilang pinakamalapit na opisina. Ang telepono nila ay **1-800-268-1153**, libre ang tawag dito mula sa anumang lugar sa Ontario, o tumawag sa **416-327-4327** kung nasa Toronto.

Pagpunta sa opisina ng OHIP, kumpletuhin ang application form. Kailangan ding magbigay ng mga orihinal na dokumentong nagpapatunay ng iyong status ng imigrasyon at na ikaw ay nakatira sa Ontario. Kung may mga anak kang 15 ½ taong gulang o higit pa, isama sila pagpunta sa OHIP. Kukunan sila ng retrato para sa kanilang card.

Pagkatanggap ng OHIP ng inyong aplikasyon, ipapadala nila ang iyong Health Card.

Magandang ideya ang bumili agad ng health insurance sa isang pribadong kompanya, para magkaroon ng health care habang nagaantay ng tatlong buwan. Kontakin ang Canadian Life and Health Insurance OmbudService (CLHIO) para sa impormasyon tungkol sa mga insurance company - **1-800-268-8099**, libreng tawag ito mula sa kahit saang lugar sa Ontario.

Pribadong Health Insurance

May kaming listahan sa Settlement.Org ng mga pribadong kompanya na mayroong health insurance plans. Maaaring di nakalista ang lahat ng mga kompanya. Hindi kami pumapabor sa alinmang kompanya. Ang pinakamabuti'y makipag-usap sa maraming kompanya para makita ang pinakamagandang insurance para sa iyo.

Kadalasan, ang coverage na kailangan mo ay yuong para sa "visitors to Canada". Tanungin ang kompanya kung nagbibigay sila ng coverage para sa mga bagong imigrante sa Canada.

Kailangang bumili ng insurance sa loob ng 5 araw matapos dumating sa Ontario, kung hindi ay maaaring di ka mabigyan ng coverage. Makakakita ng iba pang impormasyon sa: Private Health Insurance for New Immigrants **www.settlement.org/FD/07.**

Importanteng malaman na:

Ang mga kompanya ng insurance ay naniningil ng daily premium kada isang tao. Depende sa edad at plano ng insurance plan, ang halaga ng premium ay maaaring mula $2.00 hanggang mahigit sa $8.00 bawa't isang araw.

Karamihan ng kompanya ng insurance ay hindi magbabayad ng paggagamot sa mga sakit na mayroon ka bago nagkaroon ng insurance, kahit na hindi mo alam na mayroon ka ng sakit na ito.

Kadalasa'y mayroong maigsing panahon ng paghihintay bago makapag-claim.

Karamihan sa mga insurance ay nagbabayad para sa mga medikal na emergency, kina-kailangang paggagamot, mga medikal test at mga medikasyong naireseta ng duktor.

Karamihan sa mga pansamantalang insurance plan para mga bagong dating ay di magbabayad para sa mga regular na check-up at pagpapatingin sa family doctor.

Kung nangangailangan ng health services, tawagan muna ang kompanya ng insurance at tanungin kung babayaran nila ito, bago magpatingin.

PAGHAHANAP NG DUKTOR O DENTISTA

Duktor

Ang family doctor ay tinatawag ding Family Physician, General Practitioner o G.P. Ang family doctor ang kalimitang pinupuntahan muna kung masama ang pakiramdam o kung may sakit. Kailangang makakita ka ng family doctor na tumatanggap ng mga bagong pasyente.

Kung mayroon ka nang family doctor, sa kanya ka magpupunta tuwing may sakit, maliban na lamang kung emergency at kailangang magpunta sa ospital. Ang iyung duktor ay nag-rerekord ng iyong kundisyong medikal at iba't ibang mga paggagamot, at tuloy nakikilala ka pati na ang iyong pamilya.

Paanong humanap ng family doctor

Find a Doctor service: gamitin ang serbisyong Find a Doctor ng College of Physicians and Surgeons of Ontario para makakita ng duktor sa iyong lugar. Tawagan ang **1-800-268-7096 ext 626** (**Toronto 416-967-2626**) mula saan mang lugar sa Ontario.

Yellow Pages: Isa pang paraan sa paghahanap ng duktor ay sa Yellow Pages. Hanapin sa ilalim ng Physicians & Surgeons ang Family Medicine, Family Practice o Family Physician.

Pwede ring magtanong sa mga kaibigan o kamag-anak kung tumatanggap ng bagong pasyente ang kanilang family doctor. Huwag hintayin pang magkasakit bago maghanap ng family doctor.

Maaaring di ka makakita ng duktor sa lugar mo na tumatanggap ng bagong pasyente. Maaring kailanganing magpunta sa walk-in medical clinic. Ang mga klinikang ito ay may mga duktor, nars at iba pang mga health care workers. Maraming mga ospital ang may walk-in clinics para sa mga problemang pangkalusugan na hindi kritikal o emergency. May mga klinikang may extended hours, kaya maaring magpatingin sa duktor sa gabi o sa weekend.

Hindi man kasing galing ng pagkakaroon ng sariling family doctor ang pagpunta sa walk-in clinic pero matitingnan ka pa rin ng duktor.

Di kailangang kumuha ng appointment kung papunta sa karamihan ng mga walk-in clinic, pero maaaring mag-antay ka ng hanggang isang oras para magpatingin sa duktor. Para makakita ng walk-in clinic na malapit sa inyo, tumingin sa Yellow Pages sa ilalim ng "Clinics-medical."

Dentista

Find a Dentist service: Gamitin ang serbisyong Find a Dentist ng Ontario Dental Association para makakita ng dentista sa iyong lugar. Para sa paghahanap ng dentista sa ibang lugar sa Ontario, maliban sa Toronto, tawagan ang **416-922-3900.** May bayad ang long distance na tawag dito.

Para makakita ng dentista sa Toronto, tawagan ang Toronto Academy of Dentistry sa **416-967-5649**.

Yellow Pages: Pwede ring tumingin sa Yellow Pages sa ilalim ng 'Dentists'.

Mga dental clinic programs

Kung may unibersidad o kolehiyo sa iyong siyudad, maaaring may dental clinic programs sila. Ang mga estudyanteng dentista na nagbibigay ng serbisyo ay sinu-supervise ng mga tapos at nagsanay na mga dentista. Hindi libre ito pero mas mura kaysa kung pupunta sa dentista.

Ang Ontario Health Insurance Plan (OHIP) ay hindi nagbabayad sa karamihan sa mga serbisyong dental. Magbabayad lamang ang OHIP kung ang buhay ng pasyente ay nasa peligro, o kung kinakailanganng magpagamot sa ospital.

Sa karamihan ng mga siyudad sa Ontario, ang lokal na Community or Public Health Department ay nagbibigay ng libreng serbisyong dental. Kaya lang, maibibigay lamang ito sa ilang uri ng tao (gaya ng eligible na matatanda at bata). Kontakin ang iyong lokal na Community or Public Health Department para malaman ang mga serbisyo para sa komunidad. Makikita ang dagdag na impormasyon sa How do I find a dentist? **www.settlement.org/FD/08**

MGA COMMUNITY HEALTH CENTRES

Kung kailangan mong magpatingin pero wala ka pang OHIP card, maaaring humingi ng tulong sa isang Community Health Centre (CHC). Libre ang mga serbisyo sa Community Health Centre o kung may bayad man ay mababa lang ito. Lahat ng mga serbisyo ay confidential.

MGA EMERGENCY AT OSPITAL

Pupunta lamang sa ospital kung may emergency, operasyon, manganganak o para magkaroon ng espesyal na pagsusuri o pagpapagamot. Pagpunta sa ospital, kailangang dalhin ang OHIP card (Health Card).

MGA MEDIKAL NA EMERGENCY

I-dayal ang 911 sa telepono para sa mga seryosong medikal na emergency. Kung ikaw o isang myembro ng pamilya ay biglaang magkasakit, mawalan ng malay, hindi makahinga, dinudugo, nagkukumbolsyon o nagka-aksidenteng seryoso, kailangang tumawag sa 911.

Kung di makapagsalita ng Ingles, sabihin lamang ang "Help", at banggitin sa operator ang iyong lenggwahe. Kukuha sila ng interpreter na nakakapagsalita ng lenggwahe mo. Ang ambulansya, pulis at bumbero ay magdaratingan nang sabay-sabay.

Humanda ka para ibigay ang mga sumusunod na impormasyon sa telepono:

- kung ano ang nangyari
- kung nasaan ka
- ang iyong pangalan, tirahan at numero ng telepono

Manatili sa telepono hanggang sabihin sa iyo ng attendant na pwede nang ibaba ito.

Kung pupunta sa pinakamalapit na ospital dahil sa emergency, tumuloy sa Emergency Department o Emergency Room (ER). Kadalasan ang ER ay bising-bisi. Maliban na lamang kung nanganganib ang buhay mo, maghihintay ka ng maraming oras bago matingnan ng (isang) duktor.

Kung walang OHIP at walang pribadong health insurance, padadalhan ka ng ospital ng bill para sa ambulansya at iba pang serbisyong medikal na kinailangan.

TULONG KUNG MAY KRISIS

Nagbibigay ng libre at kompidensyal na paggabay sa telepono ang mga crisis o distress centre, 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang lingo. Tawagan ang crisis centre kung

- ikaw ay nag-iisip na magpakamatay
- may alam kang nag-iisip na magpakamatay
- kailangan mo lamang nang may kausap

Makikita ang mga telepono ng Crisis/Distress sa **www.settlement.org/FD/04**.

TELEHEALTH ONTARIO

Kung may sakit, pero di alam kung kailangang magpunta sa emergency department ng lokal na ospital, tawagan ang Telehealth Ontario.

Ang Telehealth Ontario ay isang libre at kompidensyal na serbisyo sa teleponong matatawagan kung nangangailangan ng payong pangkalusugan ng isang registered nars. Handa ito 24 oras sa isang araw, 7 araw sa isang lingo. Ingles at Pranses ang gamit na salita rito, at may interpreter para sa ibang lenggwahe.

Tawagan ang 1-866-797-0000 mula sa anumang lugar sa Ontario.

Pag tawag sa Telehealth Ontario, ang makakausap mo ay isang registered nars. Ipasasalaysay ng nars sa iyo kung ano ang problema at sasagutin niya ang mga tanong kung gaano kaseryoso ang kalagayan mo. Pagkatapos sasabihin ng nars kung paano pangangalagaan ang sarili, o sasabihin kung kailangang magpatingin sa duktor o bibigyan ka ng mga numero ng mga community resources na malapit sa iyo.

Huwag tumawag sa Telehealth kung alam mong ito ay emergency – 911 ang unang numerong dapat tawagan kung may emergency.

MGA COMMUNITY O PUBLIC HEALTH DEPARTMENT

Nakatuon ang atensyon ng Public Health Department sa kalusugan ng publiko o ng buong komunidad. Ang mga duktor, nars, nutritionist at iba pang mga health care professionals ay kabilang sa mga tinatawag na public health professionals. Tumutulong ang Public Health Department sa tatlong paraan: proteksyon ng kalusugan, maagang pagtuklas ng mga problema sa kalusugan, at ang pagsulong ng kalusugan (pagtuturo ng mga pamamaraan para makapamuhay nang malusog).

Ang mga Public Health professional ay nagbibigay ng impormasyon at mga serbisyo sa mga

iskwelahan at iba't ibang pinagta-trabahuhan. Halimbawa, ang isang public nurse ay maaring magbakuna sa mga kabataan laban sa sakit o ang mag-tsek kung may kuto ang mga bata sa iskwela.

Kung binigyan ka ng Citizenship and Immigration Canada ng Medical Surveillance Undertaking, kailangang pumunta ka sa iyong lokal na public health department sa loob ng 30 araw ng pagpasok mo sa Canada.

MGA MEDIKASYON/RESETA

Hindi binabayaran ng Ontario Health Insurance Plan (OHIP) ang mga nai-resetang mga gamot.

Kung binigyan ka ng duktor ng reseta para sa gamot, kailangan mong dalhin ito sa isang parmasyotiko. Ang mga parmasyotiko ay mga health care professional na makapagbibigay ng mga gamot na naireseta ng duktor. Sila'y nagtatrabaho sa mga drugstore o parmasya sa malalaking tindahan, sa ospital o sa mga community health centre.

Ang mga parmasyotiko ay:

- nagtse-tsek kung tama ayon sa iyong reseta ang dosis, at ang dami ng gamot
- nag bibigay-alam sa iyo ng mga posibleng side effects ng gamot
- nagtse-tsek ng mga reaksiyon sa isa't-isa ng mga gamot na iyong iniinom
- nagpapaliwanag kung paano iinumin ang gamot
- sumasagot ng anumang tanong tungkol sa medikasyon

Ang mga nairesetang gamot ay maaring napakamahal.

Kadalasan ay naniningil ng dispensing fee ang parmasya. Ang dispensing fee ay bayad sa parmasya para sa paghahanda ng mga kagamutan. Ang halaga ng dispensing fee ng mga parmasya sa Ontario ay nagmumula sa $1.99 hanggang $16.95. Idinadagdag ng parmasyotiko ang singil na ito sa halaga ng gamot.

Makikita ang dagdag na impormasyon tungkol sa pag-aalaga ng kalusugan sa Ontario sa Settlement.Org **www.settlement.org/FD/09.**

PAGTRATRABAHO

SOCIAL INSURANCE NUMBER (SIN)

Para makapagtrabaho sa Canada, kailangan mong magkaroon ng Social Insurance Number (SIN).

Hindi legal para sa isang employer na kunin kang magtrabaho kung wala kang SIN. Gagamitin mo rin ito para makakuha ng mga serbisyo ng gubyerno o sa pagbabayad ng buwis.

Pag-aaplay ng SIN

Kailangang magpunta sa isang Service Canada Centre para makakuha ng SIN number. Tumawag sa **1-800-206-7218** para malaman kung nasaan ang pinakamalapit na centre, o bisitahin ang **www.settlement.org/FD/04**.

Sa Service Canada Centre, kailangang kumpletuhin ang isang application form. Kailangang ipakita ang mga dokumentong nagpapatunay kung sino ka at kung ano ang iyong immigration status. Para malaman kung anong mga dokumento ang tinatanggap nila, bisitahin mo ang websayt ng Service Canada sa **www.settlement.org/FD/21** o tawagan ang numerong nakalista sa taas. Pag tinanggap nila ang iyong aplikasyon, padadala nila ang card na may tatak ng iyong SIN.

Pagpapakita ng SIN card sa iyong employer

Kailangang makita ng mga employer ang SIN card ng lahat ng kanilang mga bagong empleyado matapos tanggapin sila. Kailangang ipakita mo ang iyong SIN card hindi lalampas ng tatlong (3) araw pagka-umpisa ng trabaho.

Kung ang SIN mo ay naguumpisa sa “9” ito’y pansamantala lamang. Bago ka tanggapin ng isang employer sa trabaho, kailangang makita rin niya ang iyong employment authorization na galing sa Citizenship and Immigration Canada.

Di kailangang ipakita lagi ang iyong SIN card

Maraming businesses ang humihingi ng SIN card mo bilang identification o para ma-tsek ang iyong credit rating.

Ang SIN card ay hindi isang ID o identification. Huwag ipakita o ibigay ang numero sa mga taong di nangangailangan nito. Walang batas na nagbabawal sa mga businesses na hingin ang SIN mo, pero di kailangang ipakita ito sa kanila.

May mga taong gumagamit ng mga nakaw o nawalang mga SIN card para makakuha ng mga importanteng personal na impormasyon, o nakawan ang ibang tao, ang gubyerno at mga businesses.

Kung may isang taong nagtrabaho at ginamit ang iyong SIN, kailangan mong bayaran ang buwis sa kinita niya.

Ayon sa batas kailangang ipakita ang iyong SIN sa lahat ng mga departamento ng gubyerno sa lahat ng level o antas, at sa mga institusyong kung saan ika’y kumikita o nagkakainteres.

Paghahanap ng trabaho

“Madali bang makakita ng trabaho sa Ontario?” ay isang tanong na madalas itanong ng mga bagong dating sa mga discussion forum ng Settlement.Org. Walang simpleng sagot dito maliban

sa hindi laging madali ang makakita ng trabaho sa Canada na akma sa iyong mga kakayahan at karanasan.

Madalas mong maririnig na gusto ng mga employer ng 'Canadian experience'. Bakit kailangan nila ng Canadian experience? Sa isip ng mga employer pinapatunayan nito na mayroon kang magaling na kakayanan sa lengwahe at komunikasyon at alam mo kung paano ang palakad at kultura sa mga kalakalan sa Canada.

Kailangang matutunan mo kung paanong ipakikita ang halaga ng edukasyon sa iyong bansa at karanasan sa trabaho. Maraming mga employer ang hindi marunong mag-assess ng karanasan mo, kaya kailangang ipakita sa kanila kung paano nila mapahahalagahan ito.

Mga kakayanan sa wika

Kung nahihirapan kang basahin ang guide na ito maaaring di ka pa handang magtrabaho sa isang teknikal na trabahong Ingles ang gamit na lengwahe. Mahalagang mayroon kang magaling na kakayanan sa Ingles bago lumipat sa Ontario.

Ingles ang pangunang salita sa probinsya. Ang pagiging matatas ay makatutulong sa trabaho, at mapapadali nito ang pagpirmi sa iyong bagong komunidad. Maraming mga komunidad ang maraming lengwahe ang gamit at makakakita ka ng mga taong nagsasalita ng iyong lengwahe. Kaya lang, kung ang iyong balak ay manirahan sa Ontario ng permanente, dapat kang matutong magsalita, bumasa at sumulat ng mahusay sa Ingles.

Kultura ng negosyo

Maaaring makakita ka ng ilang pagkakaiba sa pagtatrabaho at pagpapalakad ng negosyo sa Canada kumpara sa pagpapalakad sa iyong bansa. Ang mga tao sa bawat bansa ay may kanya-kanyang paraan ng pagpapalakad ng kanilang negosyo na kakaiba sa ibang bansa. Walang makapagsasabi kung ano eksakto ang magiging kakaiba. Kailangang makapagtrabaho sa Ontario para malaman ito. Nang sa ganoon makikita kung paano makukumbinse ang isang employer na ikaw ang klase ng empleyadong magugustuhan nila at ikaw ay makaga-galing para sa kanilang kompanya.

Mahirap tanggapin, pero maaaring di mo makita agad ang pangarap mong trabaho. Maaaring tumanggap muna ng isang "survival job" sa unang pagdating. Kung may swerte, ang trabahong ito ay maaaring nasa linya mo, pero mas mababa sa lebel ng trabahong iniwanan mo.

Paghahanap ng trabaho

Iba-iba ang mga karanasan ng mga bagong dating sa paghahanap ng trabaho. Ang iba ay nakakakita ng trabahong kapareho ng dati sa loob ng ilang buwan. Ang iba, maaring taon ang abutin.

Bago dumating, maglaan ng panahon para saliksikin ang Canadian job market. Pag-aralan kung anong tulong ang mapapakinabangan at kung paano mas madaling makakita ng trabaho sa Ontario.

Ang paghahanap ng trabaho sa Ontario ay maaring ibang iba sa iyong nakasanayan. Para sa iyo, maging ang pangangailangang maghanap ng trabaho ay maaring ikagulat mo. Maaring kailanganing matutunan ang paggawa ng resume o paggawa ng portfolio ng iyong trabaho. Alam mo ba kung anong klase ng resume ang inaasahan ng mga employer sa iyong linya? Maaring kailanganin mo ng tulong na humanap ng trabaho sa Canada.

Paghingi ng tulong

Ang gubyerno ay hindi nag-aareglo ng trabaho para sa mga tao. May mga programa silang

tumutulong sa paghahanap ng trabaho, pero ang mga programang ito ay di makakapagbigay ng trabaho sa iyo. Kung may mangako sa iyo na mabibigyan ka ng garantisadong trabaho, maaring gusto ka nilang pagtindahan ng kung ano. Mag-ingat ka sa pagbibigay sa kanila ng pera.

Maraming community agency ang nagbibigay ng employment services na tumutulong sa mga bagong dating na makakita ng trabaho. Ang serbisyong ito ay nakalaan ng libre para sa iyong komunidad.

Hindi madali para sa mga bagong dating ang makakita ng trabaho sa Ontario. Bakit? Narito ang ilang bagay na kailangang mapag-aralan o mapag-isipan:

- paanong makikita ang mga trabahong hindi naka-advertise
- paninigurong ang kakayanan sa lenggwahe ay sapat para sa trabahong gusto mo
- handa ka bang mag-umpisa sa lebel na mas mababa para sa una mong trabaho, o mag-umpisa sa isang maliit na kompanya o katamtaman ang laki?
- naiintindihan mo ba ang kultura ng trabaho sa Canada, ang kahalagahan ng komunikasyon, teamwork at organization skills?

Hindi maaasahang malaman mong lahat ang tungkol sa kultura ng trabaho sa Canada sa unang pagdating sa Ontario. Maraming dapat matutunan, pero maraming tao ang makatutulong sa iyo.

Isa sa mga pinaka magaling na gawin ay humingi ng tulong. Makatutugon ang mga Settlement agency sa paghahanap ng trabaho at pagpirmi sa iyong komunidad.

May ibang community services na tumutulong sa pamamagitan ng pagpapayong one-on-one. Tutulungan ka ng staff na gumawa ng resume at cover letter at makakita ng mga kompanyang lokal. Ang iba naman ay may programang isinasagawa sa classroom, kung saan pinagaralan kung paano makakita ng trabaho sa iyong career sa Canada.

Kung walang tulong mula sa mga programang ito, maaaring makapagpadala ka ng 200 na resume nang walang kasagutan. Kung may tulong, maaaring makita ang trabahong talagang gusto mo.

Ang bawat immigrant-serving agency sa Ontario ay makapagbigay ng tulong para maumpisahan ang paghahanap ng trabaho. Bisitahin ang aming seksyong Find Help Close to Home para makita ang mga organisasyong malapit sa inyo **www.settlement.org/FD/04**.

Ipaaalam rin nila sa iyo ang mga employment services para sa mga partikular na grupo gaya ng mga sumusunod:

- Mga propesyonal at tradespeople na nagtapos sa ibang bansa
- Mga kababaihan
- Kabataan
- Mga may edad na manggagawa

Maraming mga settlement agency sa Ontario ang nagbibigay ng libreng Job Search Workshop para maturuan ang mga bagong dating kung paano maghanap ng trabaho sa Canada. Ang mga workshop na ito ay tumatagal ng 3 hanggang 4 na araw. Para makasali ka, dapat ay Permanent Resident ka at legal na makapagta-trabaho sa Canada.

Maaaring mainis ka sa iyong paghahanap ng trabaho dahil hindi mo maintindihan kung bakit ang kagaya mong may kakayanan ay hindi mabigyan ng trabaho. Kailangang alamin mo kung anong gusto ng mga employer, na higit pa sa kakayanang kailangan para magawa ang trabaho.

Maaaring kailanganin o gustohin mong matuto ng mga bagong kakayanan o skills o mag

upgrade ng skills na meron ka na. Maraming paraan para makahingi ng tulong at training. May ibang training na may bayad. Ang iba ay libre para sa partikular na grupo ng tao. Matutulungan ka ng mga Settlement organization na makakuha ng dagdag na kaalaman tungkol sa training na maari mong kunin.

MGA EMPLOYMENT STANDARD

Ang mga batas sa labour na Pederal at probinsyal ay nagbibigay proteksyon sa iyong karapatan bilang isang manggagawa. Ang Ontario Employment Standards ay nagbibigay ng proteksyon sa karamihan ng mga manggagawa sa Ontario.

Walang sinumang may karapatang magdiskrimina laban sa iyo dahil sa edad, kasarian, relihiyon, lahi o oriyentasyong sekswal. Lumalabag sa batas ang sinumang employer na gumagawa nito.

May responsibilidad din ang mga manggagawa sa ilalim ng batas. Kailangang matutunan kung paanong nakatutulong ang batas na ikaw ay manatiling ligtas at malusog sa trabaho. Kung gusto mong maging pantay ang trato sa iyo sa trabaho, kailangang alamin ang batas.

Para sa dagdag na kaalaman tungkol sa iyong mga karapatan at responsibilidad sa trabaho, bisitahin ang seksyong Employment Standards ng Settlement.Org sa **www.settlement.org/FD/10**

ANG PAGSUSURI NG PINAG-ARALAN AT MGA KAKAYANAN O SKILLS, SA TRABAHO

Kung mag-aaplay ka sa trabaho o sa isang programang educational, ang employer o eskwelahan ay maaaring humingi ng katunayan ng iyong pinag-aralan. Gugustuhin ding alamin ng employer o iskwelahan kung paano ihahambing ito sa mga diploma at sertipikong ibinibigay sa Canada.

Maaaring kailanganing ipakita sa kanila ang credential assessment.

Ang Credential assessment ay pagkukumpara ng iyong pinag-aralan o educational credential at ang kanilang katumbas sa Canada. Pag nagpa-assess ka ng iyong pinag-aralan makatatanggap ka ng isang report o sulat na nagde-deskrayb ng bawat sertipiko, diploma, o digri. Ang sulat na ito ay magsasabi kung ano ang kapantay ng iyong mga marka at dokumento sa Canada.

Kung gustong magtrabaho sa isang propesyon o trade at gamitin ang propesyonal na titulo (gaya ng Engineer o Hairdresser) kailangan mong magkaroon ng lisensiya or sertipiko. Para makakuha ng lisensiya, kailangang magrehistro sa asosasyong nagreregula sa iyong okupasyon. Gaya ng ilang iskwelahan, ang mga ito ay may kanya-kanyang proseso ng pag-a-assess.

Ang Credential Assessment ay may bayad. Kausapin ang iyong employer, iskwelahan o ang asosasyong nagreregula sa iyong okupasyon, kung ano ang klase ng pagsusuring kailangan nila bago ka magbayad nito.

Ang pagsusuring naihanda para sa isang employer ay maaaring iba kaysa pagsusuring naihanda para sa programang educational.

Pagdating sa Canada, pag-aralan ang iba't-ibang mga serbisyo ng pagsusuri o evaluation at ang kanilang mga report bago gamitin ang serbisyo nila. Maaaring kailanganin ang assessment para sa trabaho, imigrasyon, mataas na edukasyon, pagkuha ng lisensiya at apprenticeship. Sikaping kumuha ng isang report na pwedeng gamitin para sa iba-ibang pakay, sa halip na bumili ng isa para sa bawa't pakay.

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa lahat ng mga ito, bisitahin ang seksyon ng trabaho sa Settlement.Org **www.settlement.org/FD/11**.

EDUKASYON

ANG PAGPAPA-ENROL NG MGA ANAK SA ESKWELA

Sa Ontario, naiu-utos ng batas na ang lahat ng mga bata mula 6 hanggang 18 na taong gulang ay dapat mageskwela. Ganumpaman, karamihan sa mga bata ay nagsisimulang mag-aral sa kindergarten pag-abot nila ng 4 o 5 taong gulang. Pagkatapos ng isa o dalawang taon sa kindergarten, napupunta sila sa unang baitang. Tinatawag na elementarya ang kindergarten hanggang ika-8 baitang. Sekondarya o hayskul o mataas na paaralan ang ika-9 hanggang ika-12 baitang.

Dapat ipalista ang mga anak sa lokal na paaralan o sa school board. Tawagan ang lokal na board para makita ang pinakamalapit na eskwelahan at kung paano mapapalista ang iyong anak. Para sa mga batang nasa edad na para sa mataas na paaralan, mabuting alamin ang mga programang espesyal sa ilang iskwelahan bago mamili ng pupuntahan. Maaring Magtanong tungkol sa mga ito sa lokal na iskwelahan o sa school board.

Karamihan ng mga bata sa Ontario ay nag-aaral sa iskwelahang pampubliko. Mayroon ding hiwalay na sistemang pampubliko ang mga iskwelahang Katoliko. Ang mga iba't-ibang lokal na school board ang namamahala sa mga eskwelahang nasa bawa't board. Ibibigay sa iyo ng school board ang mga pangalan ng pwedeng pasukan ng anak mo.

Ang status ng imigrasyon ng mga bata o ng kanilang mga magulang o legal na tagapag-alaga ay hindi makakapigil sa pagpasok ng mga bata sa iskwela. Kung magka-problema sa pagpapalista ng isang bata dahil sa status ng imigrasyon, kontakin ang lokal na Community Legal Clinic para makahingi ng tulong.

Ang umpisa ng pasukan sa iskwela ay isang araw pagkatapos ng Labour Day sa Setyembre at natatapos sa katapusan ng Hunyo. Ang bawat school board ang nagpapasya o nagbibigay ng pahintulot sa mga batang nag-uumpisa pagkalampas ng pasukan.

Makukuha (mo) ang lahat ng impormasyong kailangan (mo) tungkol sa sistema ng iskwela sa Newcomers' Guide to Education in Ontario dito sa **www.settlement.org/FD/12**

ADULT EDUCATION AT UPGRADING

Maaaring gustuhin mong kumuha ng mga kurso o humanap ng programang kaugnay ng iyong career. Makakakita ka ng impormasyon para malaman kung ano ang tama para sa iyo at kung paano magagamit ito sa seksyon ng Settlement.Org Education na nasa **www.settlement.org/FD/13**

Pag-aaral ng Ingles

Sa iyong pagdating, maaaring gustuhin mong maghasa ng iyong kakayanan sa Ingles. Bilang bagong imigrante, importanteng may kakayanan kang makipag-usap nang mahusay sa Ingles. Ito ay makatutulong sa iyo na makakita ng trabaho at makapipirmi ng mas mabilis sa Ontario.

Ang Language Instruction for Newcomers to Canada (LINC) ay isang libreng programa para sa mga bagong immigrante sa Canada.

Para makapasok sa programang LINC kailangang:

- Ikaw ay isang Permanent Resident ng Canada (Landed Immigrant) o Convention Refugee, o
- Ikaw ay bagong dating na maaring manatili sa Canada, at plano ng CIC na bigyan ka ng

permanenteng status, at hindi pa citizen ng Canada

at

- maging mas matanda sa gulang ng tapos na sa eskwela (18 taong gulang o higit pa)
- nakapagpa-test ng kakayanan sa lenggwahe sa isang Language Assessment Centre

Ang ibang klase ng LINC ay may childcare.

Ang mga klase ng LINC ay naia-alok sa buong Ontario sa:

- mga iskwelahan
- mga community college
- mga settlement agency para sa mga imigrante
- mga organisasasyon sa komunidad

Pagpapalista sa LINC

Para makapagpalista sa LINC, magpunta sa LINC Assessment Centre. Titingnan sa LINC Assessment Centre ang level mo at tutulungan kang magpalista sa isang eskwelahang LINC.

liksaminin ng staff sa centre ang iyong pagdinig, pagsasalita, pagbasa at pagsulat. Maaaring umabot ng isa hanggang tatlong oras ang eksaminasyon. Mas tumataas ang iyong lebel ng lengwahe, mas tumatagal ang eksaminasyon.

Tutulungan ka ng Assessment Centre na magpalista sa tamang klase. Tumawag sa isang settlement agency o isang Community Information Centre at hingin kung nasaan ang pinakamalapit na LINC Assessment Centre. Kailangan mong tawagan ang Assessment Centre para makipag-appointment.

Makikita mo ang mga contact information ng mga organisasyon sa seksyon ng Find Help Close to Home ng Settlement.Org **www.settlement.org/FD/04.**

Bihasang Pagsasanay sa Ingles

Makakakuha ka rin ng mas bihasang pagsasanay sa Ingles sa:

- mga unibersidad
- mga community college
- mga iskwelahang pribado
- mga organisasyong pangkomunidad

Kontakin mismo ang mga eskwelahan at organisasyon para sa impormasyon tungkol sa mga kurso at sa bayad dito. Ang iba sa kanila ay walang bayad, pero ang iba sa kanila ay maaaring may bayad.

Para sa dagdag na kaalaman tungkol sa mga klase sa Ingles, bisitahin ang seksyon ng English as a Second Language (ESL) ng Settlement.Org **www.settlement.org/FD/14.**

IMMIGRASYON AT CITIZENSHIP

PERMANENT RESIDENT (MAPLE LEAF) CARD

Matatanggap mo ang iyong Permanent Resident (PR) Card sa mail pagdating mo sa Canada. Pagpasok sa Canada at pagdaan sa imigrasyon, kailangang magbigay sa kanila ng mailing address para mapadala ito sa iyo.

Kung hindi mo naibigay ang iyong mailing address sa Citizenship and Immigration Canada (CIC) pagdaan sa iyong point of entry, gawin agad ito sa lalong madaling panahon. Bisitahin ang CIC websayt o kontakin ang PR Card Call Centre para ibigay sa kanila ang iyong address.

Citizenship and Immigration Canada

PR Card Call Centre

1-888-242-2100

www.cic.gc.ca

Kung hindi matanggap ang PR Card sa loob ng 30 araw matapos ipadala sa CIC ang iyong address, tawagan ang Citizenship and Immigration Canada Call Centre.

Kung hindi matanggap ng CIC ang iyong address sa loob ng 180 araw pagkarating sa Canada, kakailanganing mag-aplay muli ng PR Card at magbayad ng fee.

Ang PR Card ay isang ID at nagpapatunay ng iyong Permanent Resident status.

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa Permanent Resident Card, tawagan ang PR Card Call Centre.

MGA REQUIREMENT NG PANINIRAHAN

Maaari kang magbiyahe sa labas ng Canada habang nakatira na rito. Kaya lang, kailangang pisikal na mamalagi ng 730 araw (2 taon) sa Canada sa loob ng 5-taon para hindi mawala ang iyong Permanent Resident status.

Samakatwid, maari kang lumabas ng Canada ng hanggang tatlong taon sa loob ng 5-taon. Kung aalis ka nang matagal, kailangang patunayan sa Citizenship and Immigration Canada na plano mo pa ring magpatuloy na manirahan sa Canada.

MGA KARAPATAN AT RESTRIKSYON NG MGA PERMANENT RESIDENT

Mga Karapatan ng mga Permanent Resident

- Manirahan at magtrabaho kahit saan sa Canada
- Makakuha ng Legal Aid (tulong sa mga taong walang pambayad sa isang abogado)
- Makakuha ng Health Insurance
- Karapatan sa edukasyon
- Karapatanng magtrabaho
- Karapatan sa mga batas na nagbibigay proteksiyon sa mga manggagawa
    - Kalusugan at kaligtasan (Health and Safety)
    - Mga pamantayan sa trabaho (Employment Standards)
    - Employment Insurance
    - Kolektibong pagkakasunduan o collective bargaining
    - Kompensasyon para sa mga manggagawa o workers' compensation

- Karapatang pantao o human rights
- Karapatan para sa mga serbisiyong panlipunan gaya ng Ontario Works, mababang halaga ng pabahay o lowcost housing at daycare, mga shelter, programa ng libreng pagkain at pananamit, counselling, at iba pang mga klase ng tulong sa mga community agencies.

Mga Restriksyon ng mga Permanent Resident

- Maaring tanggihan ng Citizenship and Immigration Canada na pamamalagi ka sa Canada kung:
  - o Palsipikado ang iyong mga dokumento at nagbigay ka ng di totoong impormasyon nuong nag-aplay ka para maging permanent resident o nuong ika'y lumapag
  - o Hindi mo sinunod ang mga kundisyon ng iyong permanent resident status(kung nagkaroon ka nito)
  - o Nahatulan ka ng isang Criminal offence
  - o Naniniwala ang mga awtoridad na ikaw ay nasangkot sa espiyonahe, organisadong krimen, o gumawa ng krimen sa giyera o war crime
- Hindi ka maaring bumoto sa mga eleksiyon o magkandidato para sa katungkulang politikal.

MGA TANONG TUNGKOL SA IMIGRASYON

Kung mayroong mga tanong tungkol sa imigrasyon, sa status, o serbisyong maaaring gamitin, kontakin ang isang Settlement Agency. Makakakita ka ng isang Settlement Agency pagdating mo sa iyong bagong komunidad. May listahan ng mga ahensiyang ito sa seksiyon ng Find Help Close to Home dito sa Settlement.Org **www.settlement.org/FD/04**.

Maari ring tawagan ang Citizenship and Immigration Canada call centre, na libre kahit nasaan sa Ontario.

Mayroong recorded na impormasyon 24 na oras sa isang araw, 7 ng araw sa isang linggo.

Para sa impormasyon sa imigrasyon at pagkamamamayan o citizenship, tawagan ang Citizenship and Immigration Canada Call Centre

1-888-242-2100

Kung gustong makipag-usap sa isang tao, tumawag mula ika-8 ng umaga hanggang ika-4 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes. ang call centre ay nagbibigay ng serbisyo sa Ingles at Prances lamang.

MGA SERBISYONG LEGAL

MGA KARAPATANG PANTAO O HUMAN RIGHTS

Sa Canada, ang lalaki at babae ay pantay at pareho ng karapatan. Ang mga karapatan ay nakalarawan sa Canadian Charter of Rights and Freedoms. Ang anumang klase ng abuso – pisikal, mental o pinansyal - ng sinuman ay labag sa batas.

Maraming community agency na ang trabaho ay magturo tungkol sa mga karapatan ng mga visible minority o maykulay, kababaihan, homosekswal, lesbiyan, may disability at matatanda. Ang Ontario Human Rights Code ay nagbibigay proteksyon laban sa diskriminasyon.

Ang ibig sabihin ng diskriminasyon ay di pantay na pagtrato base sa:
- edad
- kulay
- abilidad
- ninuno o ancestry
- lahi
- marital status
- family status
- pinanggalingan o origin
- rekord ng mga offences (o kriminal rekord)
- pag-asa sa tulong publiko o public assistance
- relihiyon
- citizenship
- ethnic origin
- kasarian
- o oryentasyong sekswal

Ang Ontario Human Rights Code ay nagsasabing ang lahat ay may karapatang maging ligtas sa diskriminasyon kapag naghahanap ng mga serbisyo, kalakal at pasilidad, tirahan, mga kontrata, trabaho at masasalihang grupo.

PULIS

Sa Ontario, at sa buong Canada, ang pulis at military ay hiwalay sa gubyerno. May tatlong lebel ang pulis sa Ontario:
- Lokal (o munisipal) na pulis
- Pulis ng probinsiyang Ontario (Ontario Provincial Police)
- ang nasyonal na pulis na tinatawag ding Royal Canadian Mounted Police (RCMP)

Ang karamihan sa mga pulis force ay gumagamit na ngayon ng community policing. Sa community policing ang mga opisyal ng pulis ay nakikipag-ugnayan sa mga residente ng bawat komunidad para mabawasan ang krimen at madagdagan ang kaligtasan.

Pag pinahinto ka ng pulis, kinapkapan, inaresto at nai-piit, kailangan nilang sumunod sa mga mahihigpit na alituntunin. Dapat nilang sabihin sa iyo:
- kung bakit ka nila pinipiit
- abisuhan ng mga karapatan
- at siguruhing naiintindihan mo sila.

Kung inaresto o naihabla, may karapatan kang magkaroon ng abogado. May karapatan kang mamili ng iyong abogado at may karapatan kang bigyan ng legal advise sa iyong sariling wika.

ANG PAGKUHA NG ABOGADO

Mahalagang mahalaga ang makakita ng tamang abogado. Narito ang ilang mga paraan kung paano magsisimula:

- magtanong sa mga kaibigan, kasamahan sa trabaho at pamilya kung mayroon silang mairerekomenda
- magtanong sa settlement worker o miyembro ng isang social service agency para sa mga suggestion
- tumingin sa Yellow Pages sa ilalim ng seksyon ng mga "Lawyer"
- kontakin ang Lawyer Referral Service ng Law Society of Upper Canada
- bisitahin ang websayt para sa listahan ng mga abogado at mga law firms

Lawyer Referral Service (LRS)

Ang Lawyer Referral Service (LRS) ay makapagbibigay ng numero ng isang abogado na nasa lugar mo na nagpapraktis ng law kaugnay ng iyong sitwasyon. Maaari mo ring tanungin ang LRS para masegurong ang abogadong nai-refer sa iyo ay nakapagsasalita ng iyong lenggwahe. Ang serbisyong ito ay nagkakahalaga ng $6 bawa't isang referral. Ang bayad mo sa serbisyo ay idadagdag sa iyong bill sa telepono.

Maaari mong tawagan ang abogado ng LRS para kumunsulta nang di hihigit sa 30 minuto. Maaari kang magdesisyon na hindi kunin ang taong ito bilang abogado mo, pero hindi na maaaring humingi pa uli sa LRS ng referral para sa problemang ito.

Lawyer Referral Service

1-900-565-4577

ang pagtawag sa numerong ito ay may bayad na $6 sa bawat isang ugnayan

MGA COMMUNITY LEGAL CLINIC

Maaari ka ring makahingi ng tulong na legal sa isang community legal clinic. May mga abogado at mga community legal worker na makatutulong sa iyo. Kadalasa'y kailanganng nakatira ka sa lugar na pinagsisilbihan ng klinika. Isa pa, kailangan ding hindi mo kayang makabayad sa abogado.

Ang legal klinik ay nagbibigay lamang ng mga partikular na. Kasama rito ang :

- mga pagtatalo ng mga landlord at tenant
- Workers' Compensation
- Employment Insurance
- social assistance
- Canada Pension Plan
- batas sa refugee at imigrasyon
- batas sa trabaho (Employment Law)
- at mga karapatang pantao o human rights

Hindi sila malimit nagbibigay ng serbisyo sa criminal at family law. Kailangan mo ng pribadong abogado at Legal Aid certificate para sa mga serbisyong ito.

Hindi mo kailangan ang Legal Aid certificate para sa tulong ng Community Legal Clinic.

www.settlement.org/FD/25

KOMUNIDAD AT LIBANGAN

GUMALA KA SA IYONG KOMUNIDAD

Mahabang panahon ang kakailanganin mo sa paghahanap ng tirahan, pag-aaral at pagpapahusay ng Ingles, at paghahanap ng trabaho. Pero mas madadalian ka sa pag pirmi sa iyong bagong komunidad sa Ontario kung ikaw ay sasali sa libangan at iba pang aktibidad sa iyong komunidad. Dito makakikilala ng ibang tao at dadami ang iyong mga kontak na maaring makatulong sa paghahanap ng trabaho.

Ang bawat siyudad sa Ontario ay may mga programang libangan para sa komunidad at may mga pasilidad na maaaring gamitin. Madalas ay libre o mababa ang halaga ng paggamit nito.

Pag summer, ang mga magulang ay naghahanap ng sports at iba pang mga nakakaaliw na gawain para sa kanilang mga anak. Ang tawag sa mga ito ay day camp, summer camp o summer program. Ang impormasyon tungkol sa mga ito ay matatagpuan sa community centre o pool na malapit sa iyo.

Alamin ang mga programang maaring pakinabangan mo at ng iyong pamilya. May mga programa para sa lahat ng edad kagaya ng fitness, arts and crafts at social groups. Mayroong Iba't-ibang mga gawain para sa bawat season. Halimbawa may mga libreng skating rink pag winter at mga swimming pool kapag summer.

Malalaman ang tungkol sa mga programang ito sa mga community information centre o sa settlement agency. Pwede ring kontakin ang Parks and Recreation Department sa iyong lugar.

MGA AKLATAN O LIBRARIES

Ang aklatan ay isang mahalagang lugar na pampubliko sa komunidad. Ito ay may nilalaman para sa lahat. Kailangang kumuha ka ng kard kung gustong humiram ng mga libro o gumamit ng kompyuter. Para makakuha ng kard, magdala ng ID, (halimbawa, lisensya sa pagmamaneho o Permanent Resident card), at sulat na natanggap sa mail na mayroong address mo (halimbawa, bill sa telepono). Kailangan ng aklatan ang katunayan kung sino ka ang tirahan na nasa lugar na ito. Libre ang kard para sa mga taong nakatira sa komunidad.

Narito ang ilan sa mga programa at mga serbisyong makikita sa aklatan:

- mga homework club para matulungan ang mga bata sa kanilang gawain sa iskwela
- story time at toy library para sa mga bata
- mga klase at resources para sa paghahanap ng trabaho at pagpaplano ng karera
- literacy programs para sa may hustong gulang may mga tutor na tumutulog para sa humusay ang pagbasa't pagsulat
- koleksyon sa maraming lengwahe: mga libro, teyp, pahayagan at magasing nakasulat sa maraming mga lengwahe
- mga resources ng English-as-a-second-language (ESL)
- mga readings ng mga katutubong manunulat at eksibit ng mga katutubong mga artist
- mga lekture o mga klase tungkol sa mga paksang gaya ng kalusugan at personal finances

Ang mga kompyuter ay mahalaga sa pagpapatakbo ng mga aklatan. Maraming mga aklatan ang may mga kompyuter at printer na maaring gamitin para sa word processing, pagtingin ng mga job postings at paggamit ng internet.

PAGSASAYA

Ang lahat ng mga komunidad sa Ontario ay mayroong mga libre at mababang halagang mga events, selebrasyon, parke, gawaing pang-sining at kultura. Ginaganap ang mga ito sa loob ng buong taon. Ang iba sa mga ito ay nakaukol sa isa sa mga uri ng sining, gaya ng musika, o ng sining ng isa sa mga grupong galling sa isang komunidad, gaya ng Chinese-Canadian. Marami sa mga pestibal ng kultura at mga sining ay ginaganap sa labas kapag summer at libre ang mga ito. May mga piyestang komedya, jazz, mga manunulat at pelikula.

Karamihan sa mga komunidad ay mayroong mga museo, art galleries, makasaysayang lugar at iba pang lugar at event na mapagtutuunang-pansin. Maraming mga gallery at museo na libre ang pagpasok o mas mababang halaga, isang araw kada linggo. Kadalasan ay mas mababa ang bayad ng mga bata at yuong may 65 o higit pang taong gulang.

Ilan sa mga espesyal na ebent at mga mahalagang selebrasyon sa Ontario ang Chinese New Year, mga Pride Parade, Caribana ng Toronto at Winterlude ng Ottawa. Karamihan sa mga ito, kasama na ang Araw ng Canada tuwing Hulyo 1, ay mga selebrasyong pampubliko na may mga parada, paputok at musika.

Bisitahin ang seksyong Celebrate sa Settlement.Org para sa dagdag na impormasyon tungkol sa mga kasayahan at nakawiwiling mga paraan ng pakikisalamuha sa iyong komunidad. **www.settlement.org/FD/15**.

IMPORMASYON NG MAMIMILI

PAGPAPALIT NG PERA

Makabubuting magkaroon ng perang Canadian bago dumating sa Ontario. Maaring mas maganda ang rate kung sa bansang panggagalingan mo.

Sa Paliparang Internasyonal ng Lester B. Pearson (Lester B. Pearson International Airport), ay maaring makapag-papapalit ng pera sa mga currency exchange booth mula ika-5 ng umaga hanggang ika-11 ng gabi, pitong araw sa isang linggo. Kaya lamang, maaaring mas maganda ang rate o palitan sa labas ng paliparan.

Mayroon ding currency exchange services sa mga bangko, travel agency at sa mga lugar sa downtown ng karamihang siyudad. Magpapalit din ang mga otel ng maliliit na halaga, pero ang palitan ay maaaring di kasing-ganda. Kadalasan, mga bangko ang pinakamagandang pagpapalitan ng pera.

PAGGAMIT NG TELEPONO

Pagpapakabit ng telepono sa bahay

Ang Bell Telephone ay nagbibigay ng serbisyong. Kinakailangan mong tawagan ang 310-BELL (310-2355) o bumisita sa Bell Centre para magpakabit ng serbisyo.

Ang mga bagong imigrante ay maaring mangailangang magbigay ng deposito para makapagpakabit ng ng telepono. Mababalik rin ito sa iyo pagkatapos ng 6 na buwan. Mayroon ding singil ang pagpapakabit ng bagong telepono sa bahay. Matatagpuan ang dagdag na kaalaman sa websayt ng Bell sa **www.settlement.org/FD/23**.

Pag pumayag na ang Bell na kabitan kayo ng telepono, magtatakda sila ng araw ng pagpunta sa iyong bahay. Kailangan nasa bahay ka para makaiset-up ng teknisyan ang serbisyo. Libre ang mga lokal calls, pero ekstra ang bayad sa long distance.

Mga teleponong cellular/mobile

Popular at maraming gumagamit ng cellphone sa Canada at maraming nakakalitong mga plano na mapagpipilian! Marami kang malalaman tungkol sa iba't-ibang klase ng mga plano sa internet bago ka pa dumating. Makakatulong ang websayt na ito–**www.settlement.org/FD/19**.

Ang mga serbisyo rito ay maaaring kakaiba sa bansang panggagalingan mo. Alamin mo ang iba't-ibang presyo, mga plano at klase ng mga telepono bago ka pumirma ng isang kontrata sa isang cellphone provider.

Payphone

Makakakita ka ng mga public phone sa mga paliparan, estasyon ng bus at tren, restoran, tindahan, shopping mall at sa ilang mga kanto. Tinatawag ding "payphones" ang mga teleponong ito.

Pagtawag ng Lokal

Libre ang mga lokal na tawag mula sa iyong telepono, pero 50 cents ang bayad kung ang gamit ay payphone. Mas malaki pa ang bayad kung tatawag ka ng long distance.

Pagtawag sa loob ng lungsod o bayan:

Angatin ang resiber, maghulog ng 50 cents at idayal ang numero.

Karamihan ng mga payphone ay tumatanggap ng baryang 5, 10, 25 cents at $1. Maaaring di ka

makatanggap ng sukli kung gagamit ka ng $1.

Maaring kailanganin idayal muna ang area code sa ilang mga lugar. Halimbawa, sa Toronto at mga paligid na lugar, kailangang idayal ang 416, 647 o 905 bago ang (nalalabing mga) numero ng telepono - may mga total ng 10 digit ang lokal na numero ng telepono.

Mga tawag na long distance

Maaring kumuha ng planong pang long distance para sa telepono o pwedeng gumamit ng prepaid phone card. Ang paggamit ng mga phone card ay mas malaking mura kaysa kung dadayal ng long distance sa telepono sa bahay. Mas mura ito kaysa sa magbayad ng cash o credit card para mag long distance sa isang payphone.

Pag bumili ng prepaid phone card malalaman mo kung alin ang pinakamagandang presyo para sa bansang tatawagan mo. Tanungin ang tindera kung may comparison chart siya. Ikumpara ang presyo ng isang minuto ng iba't-ibang mga phone card, para sa bansang tinatawagan mo.

Maaari ring mag-"collect call". Ang ibig sabihin ng "collect call" ay ang taong tinatawagan mo ang magbabayad ng tawag. Kung gustong mag collect call, i-dayal ang "0", tapos ang area code at isunod ang numero ng telepono at sundan ang mga ituturo ng sistemang automatiko.

Mga numerong toll-free

Ang ibang mga long distance na numero ay tinatawag na toll-free numbers. Walang bayad ang mga tawag sa mga numerong ito. Nag-uumpisa ito sa 1-800, 1-866, 1-877 o 1-888. Ang gubiyerno, mga community agency at maraming mga negosyo ay may mga numerong toll – free

Hindi toll-free ang 1-900 at 1-976 na mga numero. Babayaran mo ang bawa't minutong ikaw ay nasa telepono. Ang mga tawag na ito ay karaniwan nang napakamahal ng bayad.

Paggamit ng direktoryo ng telepono

Ang karamihan ng mga public telephone ay may telephone book o direktoryo ng telepono.

May apat na seksiyon ang White Pages ng direktoryo:

Mga numerong pang-emergency (at guide para sa customer)

Ang seksiyong ito ay nagbibigay ng mga numerong kailangang i-dayal pag may krisis gaya ng pulis. Binibigay din nito ang impormasyon tungkol sa paggamit ng telepono.

White pages

Naglilista ang seksiyong ito ng mga tao at mga negosyo sa siyudad. Kasama rito ang mga numero ng telepono at mga adres. Nakalista ang mga tao batay sa kanilang apelyido. Naka-alphabetical order ang mga pangalan ng tao at ng mga negosyo. Sa mga mas malalaking siyudad, gaya ng Toronto, may 2 parte ang white pages – sa harap ang mga teleponong pang-personal, at sa pangalawang bahagi telepono ng mga negosyo.

Blue pages

Ang seksiyong ito ay naka-print sa asul na papel. Nakalista rito ang mga opisina ng gubiyerno kasama ng mga numerong kailangan para sila ay kontakin. Nakalista rin dito mga serbisiyo ng gubyerno ayon sa paksa. Halimbawa, para makita ang Ministry of Health, hanapin ang Health sa blue pages.

Ang Yellow Pages ng direktoryo

Naka-print ito sa dilaw na papel. Nakalista rito ang mga negosyo ayon sa klase ng kalakal. Halimbawa, para mag-order ng pizza, hanapin ang Pizza sa yellow pages at piliin ang tindahang pinakamalapit. Ang yellow pages ay hiwalay na libro sa mga malalaking lungsod, kasama na

ang Toronto.

Sa mas malaking mga lungsod, ang white at blue pages, at ang yellow pages ay kadalasang magkahiwalay. Sa mas maliliit na lungsod, maaaring sama-sama sila sa iisang libro. Makikita ang mga direksiyon at mga numerong emerhensiya sa harapan ng lahat ng mga direktoryo.

PAGPADALA AT PAGTANGGAP NG MGA SULAT

Pagpapadala ng sulat o parsel

Para magpadala ng sulat o parsel, kailangan mong magbayad ng koreo. Ang koreo ang halaga ng pagpapadala ng iyong sulat o pakete.

Ang Postal Services ay matatagpuan sa mga opisinang postal at mga outlet sa mga tindahang gaya ng Shoppers Drug Mart. Maghanap ng karatula o sign ng Canada Post sa bintana ng mga tindahan. Maaari ring gamitin ang direktoryo ng telepono para maghanap ng opisinang postal na malapit sa inyo.

Depende sa laki at timbang ng sulat o parsel ang halaga ng bayad para sa pagpapadala nito. Depende rin ang halaga ng bayad kung saan gusto itong ipadala at kung gaano kabilis ang gustong pagdating nito sa pagpapadalhan. Kadalasan, pag mas malayo ang biyahe ng parsel, mas malaki ang babayaran para rito.

Kung magpapadala ng parsel sa ibang bansa, kailangang kumpletuhin ang customs form. Makakukuha nito sa isang post office. Ang form ay naglalarawan kung ano ang laman ng parsel. Nailalarawan din nito kung magkano ang halaga at timbang nito. Matutulungan kang magkumpleto ng porm na ito ng isang manggagawa sa post office.

Pagkuha ng mailing address

Pag nakakita ka na ng matitirhan, maari ka nang padalhan ng sulat deretso sa iyong tirahan o sa isang post office box number. Bago makakita ng tirahan, maaaring tumanggap ng mga sulat sa tatlong paraan:

Tanungin kung pwedeng gamitin ang address ng isang kamag-anak o kaibigan. Sabihin sa mga kakilala na ipadala sa “care of” (c/o) ng iyong kamag-anak o kaibigan.



Hingin ang general delivery service sa post office. Kilala sa buong mundo bilang “poste restante” ang serbisyong ito. Ang General Delivery/Poste restante ay mail na itinatabi muna para pik-apin sa main post office sa lugar mo. Sa malalaking siyudad na may mahigit sa isang malaking post office, nakalista bilang pickup point ang isa sa mga post office para sa General Delivery/Poste restante mail

YOUR NAME
GD STN MAIN
TORONTO, ON M2R 5H2

Umarkila ka ng isang mailbox sa post office o sa isang tindahang mayroong mga business services. Ito ang iyong address na pwedeng ibigay sa mga tao para padalhan ka ng mga sulat. Kung makatanggap ng mga packge na dahil sa masyadong malaki ay di magkasya sa mailbox, mag-iiwan sila ng paalala at maaaring kolektahin mo ang package sa kanila.

TRANSPORTASYON

Pagmamaneho

Kung nakatira sa Ontario at gustong magmaneho, kinakailangang magkaroon ng Ontario drivers' licence. Ang websayt ng Ontario Ministry of Transportation (MTO), ay nagbibigay ng lisensiya para sa drayber at sasakyan sa probinsiya. Para sa (Hanapin ang) dagdag na impormasyon, basahin ang artikulong **How can I get an Ontario driver's licence?** Sa **www.settlement.org/FD/16**.

Maaaring gamitin ang lisensiya sa ibang bansa, hanggang 60 araw pagkatapos dumating sa Canada. Pagkatapos nito ay kailangang ipasa ang driving test at kumuha ng lisensiya. Para sa impormasyon tungkol sa lisensiya at mga patakaran sa pagmamaneho Kontakin ang Ontario Ministry of Transportation sa **1-800-387-3445**.

Kailangang i-rehistro ang kotse sa provincial motor vehicle licensing agency kung saan ka nakatira, at kailangang kunan ito ng insurance. Bawal ang magmaneho ng kotse ng walang insurance. Ang insurance ng kotse ay magastos, pero ito ang nagbibigay proteksiyon sa iyo at sa ibang mga drayber kung magkaroon ng aksidente.

Kung walang kotse, maari kang umarkila ng isang araw, isang linggo o mas mahabang panahon , mula sa isang kompanyang nagpapaarkila ng kotse. Ang karamihan sa mga kompanyang nagpapaarkila ay nakakapagbigay ng impormasyon tungkol sa mga patakaran sa pagmamaneho.

Ang singil ng mga kompanyang nagpapa-arkila ng kotse ay base sa haba ng oras na nasa iyo ang kotse at sa layo ng biyahe. Kinakailangang kumuha ka ng accident insurance at bayaran ang gasolinang nagamit.

Paglilibot – tansportasyong pampubliko

Ang bawat siyudad sa Ontario ay may sistema ng transit na pampubliko ng mga bus o mga streetcar. Sa Toronto ay mayroon ding sistema ng mga underground train na tinatawag na subwey. Halos lahat ng mga siyudad ay namimigay ng libreng mapa ng transit.

Ang Toronto Transit System (TTC) ay may impormasyon sa mahigit na 20 lenggwahe sa kanilang sistema ng telepono – tawagan ang **416-393-4636.** Maaari ring tingnan ang impormasyon sa kanilang websayt sa **www.settlement.org/FD/17**.

Para sumakay sa public transit, maaring magbayad ng cash para sa bawat biyahe. Kailangan ay mayroon kang hustong pera para sa mga bus dahil hindi ka masusuklian ng drayber. Kung madalas ang gamit ng public transit, bumili ng mga tiket, token o arawan o buwanang pass. Mas mahal ang kalalabasan kung magbabayad ng cash sa bawat biyahe. Maaaring bumili ng mga tiket, token at pass sa estasyon ng bus o subwey at sa ilang mga tindahan.

Kung minsan ay kinakailangang magpalipat-lipat ng bus, streetcar o tren para makarating sa

gustong puntahan. Kung ganon, kakailanganin mo ng transper. Ang transper ay lsang piraso ng papel na nagsasabi sa drayber na di mo na kailangang magbayad ulit. Humingi sa drayber ng transper sa pagsakay sa unang bus o streetcar.

Pagbi-biyahe sa dalawang siyudad

Halos lahat ng mga siyudad at bayan sa Ontario ay may estasyon ng bus o tren. Malalaman sa estasyon kung saan papunta ang bus o tren, anong mga araw at oras ang biyahe nito, at kung magkano ang pamasahe. Maaring tumawag sa travel agency para malaman ang mga skedyul at bayarin o fees para sa mga flights na bumibiyahe mula sa isang lungsod patungo sa ibang lungsod.

Taksi

Kung walang public transit o may pupuntahan nang mabilisan, maaring kumuha ka ng taksi. Tumawag sa kompanya ng taksi at magpasundo sa iyong address. Maaari ring tumawag ng mas maaga at magpasundo sa nakatakdang oras.

Pwede ring tumawag ng taksi mula sa mga bising kalye sa downtown. Tumayo lamang sa bangketa at kawayan ang taksing walang pasahero. Hindi madali Ang pagkuha ng taksi mula sa kalye sa lahat ng siyudad. Yun lamang mga kotseng nakasindi ang ilaw sa bubong ang hihinto para pik-apin ka.

Ang presyo ng ibabayad sa taksi ay nasa metro na nasa harap ng drayber. Pagsakay ng taksi, nakadisplay sa metro ang minimum charge. Tanungin ang drayber kung magkano ang aabutin ng biyahe bago pumasok sa kotse.

Paglalakad at mga alituntunin sa daan

Ang mga signal para sa pagtawid ay makikita sa lahat ng mga kanto na may stoplight. Ang mga ito ang magsasabi kung kailan ligtas na para tumawid ng kalsada. Mayroon namang mga crosswalk sa mga bising kanto na walang stoplight.

PERA AT MGA PANANALAPI

Pagbabangko

PAGBUBUKAS NG ACCOUNT SA BANGKO

Makababuting alamin mo ang iba't-ibang mga alternatibo ng pagbabangko, sa lalong madaling panahon. Desisyonan kung ano-ano ang mga pangangailangan sa bangko at ikumpara ang mga serbisyo ng iba't-ibang bangko bago magbukas ng account.

Ang bank account kahit na saang bangko ay ligtas na tabihan ng pera at mas nagpapadali ng pagsasaayos nito. Makatutulong din ang account sa pagkakaroon ng credit history na makatutulong kung kailangang manghiram ng pera o pagkuha ng kredit kard.

Pwedeng magbukas ng savings account at/o chequing account sa maraming iba't-ibang klase ng mga instutusyong pinansyal. Ang mga bangko, mga trust company at mga credit union ay nagbibigay ng libreng impormasyon tungkol sa kanilang mga serbisyo, pati na ang mga debit at credit card. Maaring pumasok sa anumang bangko at magtanong tungkol sa kanilang mga serbisyo.

Kakailanganin magdala ng dalawang piraso ng ID para magbukas ng account sa isang bangko, trust company o credit union. Kadalasan kailangang may retrato ang isa sa mga ito. Hindi kailangang magdeposito ng anumang halaga ng pera para makapagbukas ng account. Hindi rin kailangang may trabaho ka para makapagbukas ng account .

PAGGAMIT NG BANK MACHINE

Pag nagbukas ka ng account sa bangko, makakatanggap ka ng bank card na tinatawag ding, debit card. Ang kard na ito ay ginagamit para makapagbangko sa isang machine sa halip na sa bangko. Magagamit ang bank machine para magdeposito at magwithdraw ng pera, at para magbayad ng mga bills. Ang mga makinang ito ay tinatawag ding Automated Banking machines (ABMs) o automated teller machines (ATMs).

Pamimiliin ka ng bangko ng Personal Identification Number (PIN) para sa kard. Ito ay security number para hindi magamit ng iba ang iyong kard. Isaulo mo ang numero. Huwag ibibigay sa iba ang PIN. Kinakailangang i-enter ang PIN tuwing gagamitin ang bank card.

May bayad kung gagamit ng ABM ng ibang bangko. At mas malaki ang bayad kung ang gamit ay pribadong ABM. Ang mga makinang ito ay nasa mga tindahan sa kanto, mga restoran at sa iba pang lugar. Naniningil ito ng malaking halaga para lang makapaglabas ka ng pera. Mas mura kung ang gagamitin mo ay yun lamang mga makinang pag-aari ng mga bangko o credit union.

Mga Credit cards at pagtatag ng credit

Kahit na nagkaroon na ng maraming taon ng credit history sa mga mga worldwide na kompanya ng credit card gaya ng VISA at MasterCard, maaaring di ka pa rin makakakuha ng ganitong credit card sa Canada. Ito ay hindi inaasahan ng maraming tao.

Kung posible, huwag i-kansel ang mga credit card bago pumunta ng Canada. Maaaring hindi ka agad makakuha ng credit card dito. Kung sakaling mangyari ito, gugustuhin mong magamit ang mga credit card na mayroon ka sa ngayon.

Para maitatag ang credit history sa Canada, mag-aplay na kumuha ng credit card. Kausapin ang mga namamahala sa bangkong malapit sa iyo. Maaaring bigyan ka ng credit card na maliit lamang ang limit o isang Secured Credit Card.

Para magkaroon ng secured card, kailangang magdeposito ka ng isang halaga ng pera sa magbibigay ng credit card. Ang halaga ng security deposit para sa secured card ay depende sa limit ng credit na hinihingi mo. Kung mababayaran ang buwanang credit fees, makapagtatatag ka ng magandang credit history, makukuha mo ang iyong deposito na may kasamang interes. Dahil dito, makakukuha ka na ng regular na credit card.

Maraming mga tindahan ang nag-aalok ng credit card para gamitin sa kanilang mga tindahan. Kadalasa'y mataas ang interes ng mga kard na ito kaya siguruhing mababayaran ang buong balanse bawat buwan.

Mga presyo at buwis

Sa Ontario binabayaran mo ang halagang nakamarka sa price tag, at ang tax. Hindi karaniwan ang tumawad para babaan ang mga presyo sa karamihan ng mga tindahan. Posible ito sa ibang mga etnikong palengke o tindahan.

Pag nagbabayad para sa nabili, ang tax ay idadagdag sa total. Kadalasan, 13 % ng presyo ang total na tax . Kasali sa 13% ang 5% na pederal na Goods and Services Tax (GST) at ang 8% Provincial Sales Tax (PST).

Hindi naman nagbabayad ng GST sa lahat ng mga bagay ng binibili, gaya ng basic groceries at gamot na nireseta ng duktor. Kung mag-oorder ng alkohol sa isang restoran, may 10% tax na naidadagdag din.

Mga kredit sa buwis

GOODS AND SERVICES TAX (GST) KREDIT

Ang GST ay tax na binabayaran sa karamihan ng mga bilihin at serbisyong naititinda sa Canada. Ang GST/HST Credit ay isang kabayarang tax-free tuwing ika-3 buwan sa mga indibidwal at mga pamilayang mababa o hindi malaki ang mga kita. Isinasauli sa kanila ang lahat o ang bahgi ng GST o HST na binayad nila.

Kailangan ay residente ka ng Canada, 19 taong gulang o higit pa, para makatanggap ng credit. Mag-aplay kaagad para sa credit, pagkatanggap ng Social Insurance Number. Para makatanggap ng kabayaran mula sa GST/HST kailangang mag-file ka ng Income Tax and Benefit Returns mo taon-taon.

Makakakuha ng dagdag na impormasyon sa GST Information line sa **1-800-959-1953**.

CANADA CHILD TAX BENEFIT (CCTB)

Kung ang iyong anak ay wala pang 18 taong gulang, maaaring makatanggap ka ng Canada Chld Tax Benefit (CCTB). Ang CCTB ay buwanang kabayaran galing sa gubiyerno ng Canada na nakatutulong sa gastos ng pagpapalaki ng mga anak.
Maaring kumuha ng application porm sa Canada Revenue Agency (CRA) websayt sa **www.settlement.org/FD/20**. Kailangang mag-aplay para sa CCTB pagdating na pagdating at naka-pirmi sa bagong tahanan.

Ang CRA ang nagdedesisyon kung magkano ang ibabayad base sa bilang ng mga anak mo, ang mga edad nila, ang probinsiyang tinitirhan mo, at ang neto ng kita ng pamilya sa nakaraang tatlong taon.

MGA SUSUNOD NA HAKBANG

Sana ang gabay na ito ay nakatulong sa pagsagot sa ilan sa inyong maraming katanungan tungkol sa pagsisimula ng inyong bagong buhay sa Ontario. Tulad na inyong makikita, may maraming gagawin at hindi ninyo alam kung saan mag-uumpisa.

LISTAHANG PANGGABAY NG WELCOME TO CANADA (MALIGAYANG PAGDATING SA CANADA)

Ang Listahang Panggabay ng Welcome to Canada sa pahina 2 ng gabay na ito ay isang mabuting simula. Lagyan ng tsek sa mga aytems na hindi naaangkop sa inyon o na inyo nang nagawa. Ang gabay na ito ay may mga impormasyon tungkol sa kung paano makumpleto ang mga hakbang ng inyo pang kailangang gawin. Kung kailangan ninyo ng tulong, may mga ahensiya na malugod na sasagot sa inyong mga katanungan at tuutlong sa inyong sumagot sa mga kinakailangang mga form, na kadalasa'y walang bayad. I-klik ang mga link sa bawat seksyon upang mahanap ang mga serbisyong nasa inyong lugar.

SETTLEMENT.ORG

Ang Settlement. Org ay isang mabuting pakakakitaan ng mas maraming impormasyon, hanapan ng mga serbisyo, mag-download ng mga form at makipagkuwentuhan sa mga iba pang mga bagong dating. Sa susunod na kayo ay mag-online, puntahan ang **www.settlement.org**.

HINAHANGAD NAMIN ANG INYONG TAGUMPAY SA ONTARIO!